

Ginagamit nang tiyakan ng mga dalubhasang pambatas na Sunni ang pamarisang ito ng lapastangang (*fasiq*) Kasamahan na si al-Walid sa pagpahintulot ng pagdasal sa likod ng isang taong hayag na makasalanan!!

- ❑ ‘Ali al-Qari al-Harawi al-Hanafi, *Sharh Fiqh al-Akbar*, sa ilalim ng kabanatang ‘pinahihintulutang magdasal sa likod ng mabuti o masamang tao’, p. 90
- ❑ Ibn Taymiyyah, *Majma’ Fatawa*, (Riyadh, 1381), tomo 3, p. 281

Subalit bakit hindi na lang kalimutan ang mga nakaraan?

Kung ibinubunyag man natin ang mga kamalian ng mga Kasamahan tulad ni al-Walid, ito’y hindi dahil sa anumang mapanikis na mithing manirang-puri sa kapwa. Kundi ito’y dahil sa ang mga Muslim ay nararapat na maging maingat hinggil sa pinagmumulan ng mga kaalaman sa mga turo ng Islam at *sunnah* ng Propeta (s). Ito’y matiyak lamang sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri sa talambuhay ng lahat ng mga Kasamahan ng Propeta (s), at hayaan ang kanilang mga gawaing magpahayag ng kanilang pagkatao at pagiging mapagkatiwalaan. Sa kabila ng lahat, ang Propeta (s) ay nagbigay babala na sa atin:

- ❑ “Mauuna akong darating sa Lawa, at sinumang daraan sa akin ay makakainum, at sinumang makakainum dito ay hindi na mauuhaw. May mga taong darating na aking kilala at kilala ako, subalit sila’y mapahiwalay sa akin kaya aking sasabihin, ‘Aking mga kasamahan’. Ang magiging kasagutan ay, ‘Hindi mo alam ang kanilang ginawa paglisan mo’. Kaya aking sasabihin, ‘Lumayo sa mga taong nagbago paglisan ko.’”
[*Sahih al-Bukhari* (Traduksiyong Ingles), tomo 8, aklat 76, bilang 585]

Ang Pananaw ng mga Shi’ah sa mga Kasamahan

Ang mga Shi’ah ay nagmamahal sa mga tapat na Kasamahan ng Propeta (s) na pinuri sa Qur’an. Ang puring ito’y hindi sumasaklaw sa mga taong tulad ni al-Walid ibn ‘Uqbah na kahit na nakasapat sa pamantayang Sunni sa pagiging Kasamahan ay hindi maituturing na mga huwaran o mapagkatiwalaang tagapaghatid ng *sunnah*. Kaya ang mga Shi’ah ay hindi naniniwala sa panlahatang katapatan ng mga Kasamahan datapuwa’t sumusuri sa kasaysayan ng bawat Kasamahan upang matuklasan ang kanyang pagtaguyod sa mensahe ng Propeta (s). Siyempre marami ang mga naturang Kasamahan kabilang, ngunit hindi lamang, sina ‘Ammar, Miqdad, Abu Dharr, Salman, Jabir, at Ibn ‘Abbas. Ating wakasan (ang maikling kasulatang ito) sa pamamagitan ng isang halaw sa pamanhik ng ika-4 na Imam mula sa Pamilya ng Propeta (s), Imam Zayn al-‘Abidin (‘a), na pumupuri sa mga marangal na Kasamahang ito, pagpalaan nawa sila ng Allah:

O Allah, at yaong mga Kasamahan ni Muhammad lalung-lalo na yaong naging mabuti sa pakikipagsamahan, pumasa sa magandang pagsubok sa pagtulong sa kanya, tumugon sa kanya nang iparinig sa kanila ang katwiran ng kanyang mga mensahe, humiwalay sa kanilang mga asawa at anak sa pagpahayag ng kanyang pulong, nakidigma laban sa kanilang mga ama at lalaking anak sa pagpatatag ng kanyang pagkapropeta, at nagwagi sa pamamagitan niya; yaong nabalabal ng pagsinta sa kanya, umaasa ng isang tiyak na kalakal dulot ng pagmamahal sa kanya; yaong pinabayaang ng kanilang mga angkan nang sila’y kumapit sa kanyang tuntungan at itinakwil ng kanyang mga kamag-anak nang sumandal sa kanlungan ng ugnayan sa kanya; huwag mo sanang kaligtaan, O Allah, ang anumang kanilang ipinaubaya para sa Iyo at sa Iyo, at maging malugod sana sila sa Iyong kaluguran alang-alang sa mga nilalang na kanilang ibinunsod tungo sa Iyo habang kanilang kasama ang Iyong Sugo, Iyong mga tagapagtawag tungo sa Iyo.

[Imam Zayn al-‘Abidin, *Sahifa al-Kamilah*, (Traduksiyong Ingles, London, 1988), p. 27]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa totoong Islam, dumalaw sa:

<http://al-islam.org/faq/>

“O Mga Nananampalataya, kung may masamang taong napadalaw sa inyo at may dala-dalang balita, alamin ang katotohanan kundi hindi ninyo sasadyahing mapahamak ang mga tao at pagsisihan ang nagawa ninyong yaon”
(Qur’an: Kabanata 49, Bersikulo 6)

Ang Lahat ng mga Kasamahan (*Sahaba*) Ba’y Tumpak at Matapat?

Ang mga Shi’ah ay tapat sa lahat ng mga Kasamahan ng Propeta Muhammad (s) na tapat sa kanyang mga turo sa kanyang panahon at nanatiling ganoon sa kanyang paglisan. Ayon sa pananaw ng Sunni, kahit na yaong nakakita lamang sa Propeta (s) sa loob ng ilang saglit ay tinatawag na Kasamahan at itinatuturing na ligtas sa pintas. Ang kuru-kurong ito’y hindi itinataguyod ng Qur’an o mga tunay na pangyayari, at nagbigay-daan sa malaking di-pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang pangkat ng kaisipang Islamiko.

Kahulugan ng “Kasamahan” Ipinaliwanag

Inilarawan ni Ibn Hajar al-‘Asqalani, isang tanyag na pantas na Sunni, ang Kasamahan ng Propeta (s) bilang isang taong nakakita sa Propeta Muhammad (s), pagkatapos niyang tumalima sa Islam, at pumanaw bilang isang Muslim. Sa katuturanang ito, nasasaklaw ang mga sumusunod:

- ❑ lahat ng mga taong nakita sa Propeta (s), hindi isinasalang-alang kung ang pagtagpong ito iba’y tumagay o panandalian lamang,
- ❑ yaong mga nagsalaysay ng mga tradisyon mula sa Propeta (s) at yaong mga hindi,
- ❑ yaong mga nakidigma kasama ng Propeta (s) at yaong mga hindi,
- ❑ yaong mga nakakita lamang sa Propeta (s) ngunit hindi niya nakasalamuha,
- ❑ at yaong mga hindi nakakita sa kanya sanhi ng anumang dahilan tulad ng pagiging bulag. [Ibn Hajar al-‘Asqalani, *al-‘Isabah fi Tamyiz al-Sahaba*, (Beirut), tomo 1, p. 10]

Ang Lahat ng mga Kasamahan ba’y Tumpak at Matapat?

Ang Ahl al-Sunnah ay may buong pagkakaisa sa isyu na ang *lahat* ng mga Kasamahan ay matapat at mapagkatiwalaan at sila ang pinakamabuti sa *ummah*. Maraming mga pantas na Sunni ang nagpahayag ng paniniwalang ito, kabilang sina:

- ❑ Ibn Hajar al-‘Asqalani, *al-‘Isabah fi Tamyiz al-Sahaba*, (Cairo), tomo 1, pp. 17-22
- ❑ Ibn Abi Hatim al-Razi, *al-Farh wa al-Ta’dil*, (Hyderabad), tomo 1, pp. 7-9
- ❑ Ibn al-‘Athir, *Usd al-Ghaba fi Ma’rifat al-Sahaba*, tomo, pp. 2-3

Ang konseptong ito’y mahirap tanggapin dahil sa di-matutulang katibayang sumasalungat nito. Pag-aralan ang sumusunod na mga halimbawa:

- ❑ “Sinabi ni az-Zubayr sa akin na nakipag-away siya sa isang lalaking Ansari na nakalahok sa (digmaan sa) Badr sa harapan ng Apostoles ng Allah hinggil sa isang sapa na kapwa nila pinapakinabangan sa patubig. Sinabi ng Apostoles ng Allah kay az-Zubayr, “O Zubayr! Diligan mo muna (ang iyong halamanan), at pagkatapos hayaan mong aagos ang tubig patungo sa iyong kapitbahay.” **Ang Ansari ay nagalit at nagsabi, “O Apostoles ng Allah! Ito ba’y dahilan sa siya’y iyong pinsan?”** Dahil dito nabago ang pagmumukha ng Apostoles ng Allah (dahilan sa galit) at sinabi (kay az-Zubayr), “Diligan mo (ang iyong halamanan) at pagkatapos ay ipagkait mo ang tubig hanggang sa ito’y aabot sa mga dingding (paligid ng mga palma).” Kaya, ipinagkaloob ng Apostoles ng Allah kay Zubayr ang kanyang buong karapatan. Sa una ang Apostoles ng Allah ay nagbigay ng bukas-palad na hatol na kapwa nakabubuti kay Zubayr at sa Ansari, subalit nang galitin ng Ansari ang Apostoles ng Allah ipinagkaloob niya kay az-Zubayr ang kanyang buong karapatan ayon sa malinaw na batas. Sinabi ni az-Zubayr, “Isinusumpa ko sa Allah! Sa paniwala ko ang sumusunod na Bersikulo ay ipinahayag hinggil sa naturang pangyayari: “*Ngunit tiyak ng iyong Panginoon na hindi pa sila lubusang naniniwala maliban kung ituturing ka nilang tagapaghatol sa lahat ng kanilang mga silagutan.*” (4.65)” [Sahih al-Bukhari (Traduksiyong Ingles), tomo 3, aklat 49, bilang 871]

Ayon sa doktrinang Sunni ang Kasamahan ng Propetang (s) ito’y ligtas sa anumang kapintasan bilang isang awtoridad sa *sunnah* at ang kanyang mga asal ay modelo na karapat-dapat na tularan. Ito’y sa kabila ng lahat na ang Kasamahang ito’y hindi lamang tumanggi sa hatol ng Propeta (s) kundi nagdulot pa ng hinagpis sa kanya na naging dahilan ng pagpahayag ng bersikulo ng Qur’an.

Sa kasamahang palad, ang kasaysayang Islamiko ay puno ng mga halimbawa ng ganoong mga taong bagama’t ayon sa mga pamantayang Sunni ay matawag bilang mga Kasamahan, ay nag-asal salungat sa Islam. Ang asal na ito’y ipinakita sa panahon ng Propeta (s) o pagkaraan o maging sa dalawang panahong ito!

Al-Walid bin ‘Uqbah

Siya bang nananampalataya’y katulad ng isang lapastangan (fasiq)? Hindi sila magkatulad (Qur’an: Surah al-Sajdah, bersikulo 18)

Mga pangunahing komentarihang Sunni ay nagsasabing ang kawawaan ng pagpahayag ng bersikulong ito’y isang pangyayari kung saan ang salitang “nananampalataya” ay tumutukoy sa Imam ‘Ali b. Abi Talib (‘a) at ang “lapastangan” (*fasiq*) ay tumutukoy sa isang Kasamahan ng Propeta (s) na si **al-Walid ibn ‘Uqba ibn Abi Mu’ayt**.

- ❑ Al-Qurtubi, *Tafsir*, (Cairo, 1947), tomo 14, p. 105
- ❑ Al-Tabari, *Tafsir Jami’ al-Bayan*, sa ilalim ng komentaryo ng bersikulong ito
- ❑ Al-Wahidi, *Asbab al-Nuzul*, (edisyong Dar al-Diyan li-Turath), p. 291

Ating nabasa ang bersikulo ng Qur’an na nagbabawal sa mga nananampalataya mula sa pikit-matang paniniwala sa anumang balitang nagmumula sa isang lapastangan (*fasiq*):

O mga nananampalataya! Kung may lapastangan (fasiq) napadalaw sa inyo at may dalang balita alamin ang katotohanan, kundi hindi ninyo sasadyahing mapahamak ang mga tao at pagsisihan ang nagawa ninyong yaon. (Surah al-Hujurat, bersikulo 6)

Nakakawiling punahin na ang paliwanag (*tafsir*) sa bersikulong ito’y nagpapahiwatig ng *isa pang* pangyayari kung saan ang nabanggit na al-Walid ay nagsinungaling hinggil sa isang bagay na naging dahilan ng pagpahayag ng naturang bersikulong nagpapahayag sa kanya bilang isang lapastangan (*fasiq*).

- ❑ Ibn Kathir, *Tafsir Zur’an al-‘Azim*, (Beirut, 1987), tomo 4, p. 224
- ❑ al-Qurtubi, *Tafsir*, (Cairo, 1947), tomo 16, p. 311
- ❑ al-Suyuti at al-Mahalli, *Tafsir al-Jalalayn*, (Cairo, 1924), tomo 1, p. 185
- ❑ Abu Ameenah Bilal Philips, *Tafsir Soorah al-Hujuraat*, (Riyadh), pp. 62-63

Ayon sa sinabi ni Abu Ameenah Bilal Philips, “nararapat na masyadong maging maingat sa pakikitungo sa mga balitang nagmumula sa mga taong may nakakapagdudang pagkatao, yaong kanilang katapatan ay hindi pa napatunayan, o nagmumula sa mga kilalang makasalanang”. **Subalit, ating makikita sa mga koleksiyong *hadith* ng Sunni mga tradisyon ng Propeta (s) na nagmumula kay al-Walid!** Basahin halimbawa ang:

- ❑ Abu Dawud, *Sunan*, (1973), Kitab al-Tarajjul, *bāb fi’l-khuluq li’r-rijāl*, tomo 4, p. 404, hadith 4181
- ❑ Ahmad bin Hanbal, *al-Musnad*, *awwal musnad al-madaniyyin ajma’in*, hadith bilang 15784

Ang kasamaan ni al-Walid ay hindi nagtapos sa panahon ng Propeta (s). Hinirang siya ni ‘Uthman, ang ikatlong kalipa, bilang gobernador ng al-Kufah, kung saan ang kanyang kasamahan ay nagpatuloy. **Minsan siya ang nangulo sa madaling araw na pagdarasal habang lasing at nagdasal ng apat na rak’at sa halip na dalawa.** Dahil dito siya’y pinarusahan sa utos ni ‘Uthman. Ang pangyayaring ito’y nabanggit sa maraming mga pinagmumulang aklat kabilang ang ilang mga nabanggit sa itaas at sa mga sumusunod:

- ❑ *Sahih al-Bukhari* (Traduksiyong Ingles), tomo 5, aklat 57, bilang 45; tomo 5, aklat 58, bilang 212
- ❑ Al-Tabari, *Ta’rikh*, (Traduksiyong Ingles: *History of al-Tabari, The Crisis of the Early Caliphate*), tomo XV, p.120